# Epekto ng Modalidad ng Pagbasa sa Komprehensyon ng mga Mag-Aaral sa Tekstong Pangkasaysayan

**Dara Mae T. Fernandez**
*Wesleyan University-Philippines Graduate School*

**Rene Boy E. Abiva**[1]
*Wesleyan University-Philippines Graduate School*

## ABSTRACT

*This study employed a quasi-experimental design grounded on Flavell's metacognitive theory, Vygotsky's social constructivism, and Bartlett's schema theory. It aimed to examine the effect of individual and group reading modalities (as the independent variables) on the level of comprehension (as the dependent variable) of 15 students enrolled in GE 2: Readings in Philippine History at NEUST–Atate Campus. In the individual reading phase, Piedad-Pugay's (2012) article on the two faces of the Cavite Mutiny (1872) was used, while in the group reading phase, the students discussed the peace agreement between the United States and Spain (Office of the Historian, 1898). Quantitative data were collected through researcher-made comprehension tests administered after each modality and enhanced via peer review, cognitive interviewing, and pilot testing based on difficulty and discrimination indices; qualitative data, on the other hand, were drawn from guided written responses and focus group discussions. The numerical data were analyzed using descriptive statistics (mean, standard deviation) and paired-samples t-test ($p<0.05$) to compare the mean comprehension scores, while thematic analysis was employed for the qualitative responses to uncover linguistic, motivational, knowledge heterogeneity, and distraction-related challenges. Findings revealed that the group modality yielded greater improvement in mean comprehension scores compared to the individual modality. Hence, the study recommends strengthening facilitator-led reading groups, utilizing scaffolding techniques, and designing high-quality instructional materials to further enrich independent comprehension of historical texts.*

**Keywords:** literary proficiency, reading modalities, participatory reading, self-regulated learning, scaffolding

## ABSTRAK

*Ang pananliksik na ito ay isang quasi-eksperimental na disenyo na nakasandig sa teoryang metakognitibo ni Flavell, sa sosyal-konstruktibismo ni Vygotsky, at sa teorya ng iskema ni Bartlett. Nilalayon nitong suriin ang epekto ng indibidwal at pangkatang modalidad ng pagbasa (bilang independiyenteng baryabol) sa antas ng komprehensyon (bilang dependiyenteng baryabol) ng 15 mag-aaral sa kursong GE 2: Mga Babasahin Hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas sa NEUST- Atate Campus. Sa indibidwal na yugtong pagbasa, ginamit ang artikulo ni Piedad-Pugay (2012) tungkol sa dalawang mukha ng Cavite Mutiny (1872), samantalang sa pangkatang*

doi: 10.5281/zenodo.16992739
[1]Corresponding Author: rbabiva@wesleyan.edu.ph

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

*yugtong pagbasa ay tinalakay ng mga mag-aaral ang kasunduan sa kapayapaan sa pagitan ng Estados Unidos at Espanya (Office of the Historian, 1898). Kinolekta ang datos kwantitatibo sa pamamagitan ng researcher-made comprehension tests na isinagawa pagkatapos ng bawat modalidad at pinahusay sa peer review, cognitive interviewing, at pilot testing batay sa difficulty at discrimination indices; ang kwalitatibong datos naman ay nagmula sa guided written responses at focus group discussions. Inanalisa ang numerikal na datos gamit ang deskriptibong estadistika (mean, standard deviation) at paired-samples t-test (p<0.05) upang ihambing ang mean comprehension scores, at ginamit ang tematikong analisis sa kwalitatibong tugon upang tuklasin ang mga hamong lingguwistiko, motibasyonal, heterogeneity ng kaalaman, at distraksyon. Napatunayan na ang pangkatang modalidad ay nagpatala ng higit na pag-unlad sa mean comprehension score kaysa sa indibidwal na modalidad. Dahil dito, inirerekomenda ang pagpapaigting ng facilitator-led reading groups, paggamit ng scaffolding techniques, at pagdidisenyo ng de-kalidad na kagamitang panturo upang higit pang pagyamanin ang malayang komprehensyon sa tekstong pangkasaysayan.*

**Mga Susing Salita***:* literary proficiency; reading modalities; lahukang pagbasa; self-regulated learning; andamiyo

## I. INTRODUKSIYON

Ang epektibong pagbasa ay susi sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at sa paglawak ng kaalamang akademiko sa pangkalahatan. Inilarawan nina Butterfuss et al. (2020) ang pagbabasa bilang isang interaktibo at sabayang proseso ng pagbuo ng kahulugan, kung saan ang mambabasa ay aktibong nakikisalamuha sa teksto upang maabot ang mas malalim at malinaw na pag-unawa. Idinagdag ng Foundation for Learning and Literacy (2020) na multidimensional ang prosesong ito, na sinusuportahan ng iba't ibang estratehiya at praktika. Binibigyang-kahulugan ng Organisation for Economic Co-operation and Development (2021) ang *reading literacy* bilang kakayahang unawain, gamitin, suriin, at pagnilayan ang teksto upang matupad ang personal na layunin at palawakin ang kaalaman. Ang pag-unawang ito sa mga dimensyong nabanggit ang magsisilbing batayan ng susunod na paglalahad ng konteksto ng edukasyon sa Pilipinas.

Bilang teoretikal na saligan, nakabase ang pag-aaral na ito sa tatlong magkakaugnay na pananaw: teorya ng iskema ni Bartlett ukol sa dating kaalaman at karanasan bilang mental na balangkas sa interpretasyon; metakognitibong teorya ni Flavell, na binibigyang-diin ang pagsubaybay at pagreregula ng sariling pag-unawa habang nagbabasa; at sosyal-konstruktibismo ni Vygotsky, na nagpapahalaga sa kolaborasyon at interaksyon sa silid-aralan bilang mekanismo para sa mas malalim na diskurso at pagbubuo ng kahulugan.

Sa antas pambansa, isinagawa ng Kagawaran ng Edukasyon ang Comprehensive Rapid Literacy Assessment upang maitala at masuri ang kasalukuyang antas ng literasiya ng mga mag-aaral. Kasabay nito, inilunsad ng Microsoft Philippines ang Reading Progress Tool bilang suportang plataporma para sa pagpapayabong ng kakayahan sa pagbasa sa mga paaralan (Department of Education, 2023; Microsoft Philippines, 2022). Sa antas ng tersiyarya, pinapahalagahan ng Commission on Higher

Education ang "reading across the curriculum", na itinataguyod ng CHED Memorandum Order No. 20, s. 2023 bilang *learning outcomes* sa GE *core courses* tulad ng Readings in Philippine History, kasabay ng mandato ng Batas Republika Blg. 10533, Seksyon 10 para sa *flexible* at makabagong pedagohikal na dulog (CHED M.O. 20, 2013; Republic Act No. 10533, Sec. 10). Bagaman may mga polisiya at inisyatibo, nananatiling hamon sa mga guro ang epektibong pagtuturo ng pagbasa sa lahat ng antas, kaya mahalagang suriin ang pandaigdigang datos upang mas maipaliwanag ang pangangailangang ito.

Ipinakikita ng resulta mula sa 2022 Programme for International Student Assessment (PISA) na nasa ika-76 na puwesto ang Pilipinas sa kakayahan sa pagbasa sa hanay ng 81 kalahok na bansa. Dagdag pa rito, natuklasan na 91% ng mga mag-aaral sa huling baitang ng primarya ay hindi nakamit ang itinakdang pamantayan sa literasiya (World Bank Group, 2022; Annual Status of Education Report, 2022). Ang malawakang pag-aaral na ito ay nagpapahiwatig ng agarang pangangailangang may konkreto at empirikal na estratehiya upang itaas ang antas ng komprehensyon sa pagbasa.

Isa sa mga kinakailangang solusyong pedagohikal ay ang aplikasyon ng metakognitibong estratehiya sa indibidwal na antas, partikular sa *self-regulated learning*, kung saan ang mambabasa ay aktibong nagsasagawa ng sistematikong pagsubaybay at regulasyon sa sariling proseso ng pag-unawa sa teksto (Panadero, 2017; Zimmerman, 2022). Kaakibat nito, ang lahukang pagbasa bilang isang kolaboratibong pamamaraan ay naglalayong palalimin ang interpretasyon sa pamamagitan ng organisadong kritikal na talakayan at pagtatasa ng kahulugan sa pagitan ng mga mag-aaral (Altamimi & Ogdol, 2023). Gayunpaman, limitado ang empirikal na pag-aaral na naglalayong ilahad hindi lamang ang pagkakaiba kundi maging ang interaktibong mekanismo kung paanong nakakaapekto ang *self-regulated learning* at *shared reading modalities* sa paglinang ng kritikal at historikal na komprehensyon sa tekstong pangkasaysayan sa General Education ng mga Higher Education Institutions sa Pilipinas.

Nilalayon ng pananaliksik na ito na tukuyin kung alin sa indibidwal at pangkatang modalidad na pagbasa ang higit na epektibo sa pagpapalalim ng komprehensyon sa tekstong pangkasaysayan. Kasabay nito, susuriin ang mga hamon na kaakibat ng bawat modalidad at maghahain ng kongkretong rekomendasyn para sa integrasyon ng indibidwal at pangkatang estratehiya sa General Education curriculum, partikular sa kursong Readings in Philippine History.


### *Konseptuwal na Balangkas*

Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa metakognisyon bilang estratehiya sa indibidwal na pagbasa at sosyal-kontruktibismo bilang modelo ng pangkatang pagkatuto, at sa teorya ng iskema bilang pangkalahatang konseptwal na balangkas. Layunin nitong magsagawa ng sistematikong paghahambing sa bisa ng indibidwal at pangkatang modalidad sa pagpapaunlad ng mas mataas na antas ng komprehensyon. Ipinapakita ng pag-aaral nina Guamanga et al. (2025) na ang kritikal na pag-iisip ay isang naituturong kakayahan na may makabuluhang epekto sa iba't ibang aspeto ng kaalaman. Sa konteksto ng pagbasa, ang komprehensyon ay pundasyon ng prosesong analitiko at

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

sintetikong pagsusuri, na siyang nagbubunsod sa mambabasa na magsagawa ng masusing ebalwasyon at pagbubuo ng sariling pananaw.

***Pigura 1.***
*Ang Modalidad ng Pagbasa Bilang Salik sa Paglinang ng Malayang Komprehensyon ng mga Mag-aaral*




Sa indibidwal na modalidad, ang metakognitibong regulasyon ang pangunahing mekanismo ng paglinang sa komprehensyon. Pinatunayan ni McAllum (2014) na ang sistematikong aplikasyon ng apat na metakognitibong estratehiya—prediksyon, paglilinaw, pagtataya sa pamamagitan ng tanong, at pagbubuod—sa balangkas ng *reciprocal teaching* ay nagdudulot ng makabuluhang pagtaas sa literal at inferensyal na antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa paraang ito, nahuhubog ang kasanayan ng mga mag-aaral na sistematikong subaybayan ang kanilang pang-unawa at magsagawa ng malalimang pagsusuri ng teksto sa bawat yugto ng pagbabasa.

Kaugnay nito, pinalawig ni Ozturk (2024) ang depinisyon ni Flavell na "pagkaalam at pagkatuto tungkol sa mga kognitibong proseso" sa pamamagitan ng *metacognitive responsiveness*, na binibigyang-diin ang sensitibong pagtugon ng mag-aaral sa metakognitibong pahiwatig sa pamamagitan ng masistemang pagpaplano, pagmamanman, at ebalwasyon ng sariling proseso ng pagbabasa. Bukod dito, itinatampok ni Marulis (2025) ang istrukturadong repleksyon—malinaw na pagtatakda ng layunin, organisadong pagsusuri ng pag-unawa, at sistematikong ebalwasyon—bilang sentro ng mekanismo sa pagpapatibay ng kontrol ng mag-aaral sa pagbabasa. Sa teoretikal na lente, ang estrukturadong aplikasyon ng estratehiya, ang *metacognitive responsiveness*, at ang istrukturadong repleksyon ay magkakaugnay na sangkap na bumubuo sa isang adaptibong modelo ng metakognitibong regulasyon sa indibidwal na pagbasa.

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Sa pangkatang modalidad, ang kolaboratibong dinamika at sosyal na negosasyon ng kahulugan ang nagpapaigting sa interpretasyon. Sa pag-aaral nina De Backer at Van Keer (2022), itinuturing ang *shared metacognitive regulation* bilang tatlong magkakasunod na hakbang na sama-samang nakapag-aambag sa pagbuo ng kolektibong pag-unawa: una, orientasyon, kung saan malinaw na itinatalaga ang tungkulin at layunin ng bawat kasapi upang makabuo ng pinag-isang pag-unawa sa teksto at estratehiya; ikalawa, pagmamanman, na kinapapalooban ng sabayang pagsubaybay sa pag-unawa at agarang pagtutuwid sa pamamagitan ng mapanuring pagtatanong at puna ng kapwa; at ikatlo, ebalwasyon, kung saan isinasagawa ang kolektibong pagsusuri at malalimang pagninilay sa resulta ng pagbabasa upang matukoy ang puwang sa pag-unawa at makabuo ng panibagong hakbang. Ang magkasanib na ugnayan na ugnayan ng orientasyon, pagmamanman, at ebalwasyon ay nagbubunga ng mas mataas na pagkakaugnay-ugnay ng tema, mas malalim na komprehensyon, at mas matatag na pananagutan sa pagkatuto (De Backer & Van Keer, 2022).

Ayon sa sosyal-konstruktibismong teorya ni Vygotsky, nagaganap ang pangkatang pagbasa sa loob ng Zone of Proximal Development kung saan ang mas may-alam na kasapi ay nagsisilbing panandaliang suporta upang itulak ang grupo tungo sa mas mataas na antas ng interpretasyon (McLeod, 2025). Itinatampok nina Wibowo et al. (2025) na ang adaptibong andamiyo, kapag iniangkop sa indibidwal na kakayahan at kultural-historikal na karanasan ng bawat miyembro, ay nagpapalakas ng partisipasyon at pananagutan sa kolektibong gawain. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Remosa et al. (2023) na ang sabayang paggamit ng pampublikong talakayan at pribadong pananalita ay kritikal sa internalisasyon ng bagong kaalaman at sa kolektibong negosasyon ng kahulugan, na lubos na nagpapayaman sa metakognitibong ebalwasyon ng teksto. Sa pamamagitan ng mga mekanismong ito, ang pangkatang pagbasa ay nagiging mas malalim, sistematiko, at adaptibo sa pagbuo ng kahulugan.

Bagaman sinusuri ng pananaliksik na ito ang pagkakaiba ng bisa ng indibidwal at pangkatang pagbasa sa paglinang ng komprehensyon sa tekstong pangkasaysayan, ang pangunahing teoretikal nitong balangkas ay ang pangkaisipang pamamahala na nakaugat sa teorya ng iskema. Batay sa malawakang pagsusuri ni Meylani (2024), sinipi at pinalawig ang pangunahing konsepto ni Bartlett bilang panimulang saligan ng metakognitibong regulasyon sa pagbasa.

Sa indibidwal na modalidad, pinapalakas ni Meylani (2024) ang pagpukaw ng kaugnay na iskema sa pamamagitan ng malayang pagbuo ng ideya, pagmamapa ng konsepto, at paunang pagsilip sa teksto upang ihanda ang isipan sa sistematikong pagtataya, pagpapalinaw, at pagbubuod. Samantala, ipinapakita ni Patsiomitou (2025) na sa pangkatang modalidad, ang sabayang pagbuo at pakikipag-negosasyon ng mga iskema—gamit ang kolaboratibong pagdiskurso, sama-samang anotasyon sa teksto, at pagmamapa ng balangkas-konsepto ng grupo—ay bumubuo ng pinagsasaluhang pamamahala sa pangkaisipang proseso, na nagbubunga ng pantay na suporta ng kasamahan, sabayang pagmamanman, at kolektibong pagsusuri. Sa ganitong pamamaraan, pinagbubuklod ang pansariling kontrol at panlipunang interaksyon, na nagtutulak sa mas malalim at mataas na antas ng pagkaunawa.

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

### *Layunin ng Pag-aaral*

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong masuri ang epekto ng inididwal at pangkatang modalidad ng pagbasa sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa tekstong pangkasaysayan, partikular sa mga sumusunod:

1. Matukoy ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral pagkatapos gumamit ng indibidwal at pangkatan na modalidad ng pagbasa.
2. Paghambingin ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pagtataya pagkatapos ng indibidwal at pangkatang pagbasa upang matukoy kung alin sa dalawa ang higit na epektibo sa pagpapataas ng kakayahan sa pag-unawa ng teksto.
3. Masuri ang mga hamon na kaakibat ng indibidwal at pangkatang modalidad ng pagbasa na isinagawa, upang matukoy ang mga salik na posibleng makaapekto sa bisa at tagumpay ng mga estratehiyang ginamit.

## II. METODO

Isinagawa ang pag-aaral sa satellite campus ng Nueva Ecija University of Science and Technology, na matatagpuan sa Barangay Atate, Lungsod ng Palayan. Bukas ito sa mga programang Bachelor of Science in Information Technology (BSIT), Bachelor of Science in Business Administration (BSBA), at Bachelor of Science in Entrepreneurship. Sentro ng akademikong pagkatuto ang kampus sa larangan ng agham, teknolohiya at negosyo. Ang pagkakalinya ng mga programa nito sa pamantayan at alituntunin ng Commission on Higher Education (CHED) ng Pilipinas ay nagsilbing batayan sa pagsasama ng General Education Curriculum (GEC) at mga kursong pang-espesyalisasyon. Partikular na itinuturo ang mga *core* at *elective courses*, pati na rin ang interdisiplinaryong lapit, upang higit na mapaunlad ang pangkalahatang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Ito ang katangian ng lokal na itinuturing na akma sa layunin ng pag-aaral.

Binigyang-pansin sa pag-aaral ang paggamit ng kwantitatibo at kwalitatibong pagsusuri sa labinlimang (15) mga mag-aaral na nasa unang antas ng kursong Batsilyer ng Agham sa Teknolohiyang Pang-Impormasyon sa Nueva Ecija University of Science and Technology, Kampus ng Atate. Ang mga kalahok ay kasalukuyang kumukuha ng tatlong yunit sa asignaturang GE 2: Mga Babasahin Hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas para sa ikalawang semestre sa taong panuruan 2024-2025. Sumailalim ang mga mag-aaral na ito sa indibidwal at pangkatang modalidad ng pagbasa bilang bahagi ng gawaing pangklase na nakatuon sa pagsusuri ng mga tekstong pangkasaysayan.

Para sa pagpili ng kalahok, ginamit ang probabilistikong istratipikadong random sampling mula sa tatlong seksyon ng BSIT GE 2 (1A: N=44; 1B: N=34; 1C: N=41). Unang sinala ang mga mag-aaral batay sa *minimum* na 75% na pagdalo sa klase ng GE 2 at nilagdaang *informed consent*, na nagresulta ng 36, 28, at 32 kwalipikado sa 1A, 1B, at 1C. Ang mga kalahok na nakatugon sa itinakdang pamantayan ay kinilala at binigyan ng natatanging pantukoy, na isinailalim sa probabilistikong istratipikadong random sampling sa pamamagitan ng pormulang =RAND() sa Excel. Matapos isalarawan ang

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

talaan ayon sa pataas na halaga ng nabuo, ang unang limang mag-aaral mula sa bawat seksyon ang pinal na napili, kaya't nabuo ang kabuuang labinlimang kalahok. Pinagtibay nito ang representasyon at panloob na bisa ng pag-aaral.

Sa pangangalap ng datos, ginamit ang dalawang tekstong pangkasaysayan at isang researcher-made comprehension test na naglalaman ng gabay na tanong kaugnay sa binasang teksto.

Sa indibidwal na moda ng pagbasa, nagsagawa ang bawat kalahok ng masusing pagsusuri sa artikulong "The Two Faces of the 1872 Cavite Mutiny" ni Chris Antonette Piedad-Pugay (2012), kung saan sinuri ang kontekstwal na pamamaraan, estruktura, at mensaheng historikal ng teksto. Samantala, sa pangkatang yugto ng pagbasa, hinati ang mga kalahok sa tatlong pangkat upang sabay-sabay basahin at talakayin ang "Treaty of Peace Between the United States of America and the Kingdom of Spain" (Office of the Historian, United States of America, n.d.); bagama't naganap ang kolektibong pag-unawa, indibidwal pa rin ang pagsagot ng bawat kalahok sa sumusunod na pagsusuri.ay ginamit naman para sa pangkatang pagbasa. Bukod dito, isinama rin sa proseso ang isang *self-made test* na inihanda ng mananaliksik, na naglalaman ng mga gabay na tanong kaugnay sa binasang mga teksto. Sa pamamagitan ng pamantayang nilikha ng mananaliksik, ang mga iskor mula sa pagsusulit ay ginamit bilang batayang datos para sa pagsusuri ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral. Ang mga kagamitang ito ay nagsilbing pundasyon para sa masusing pagsusuri ng pag-aaral sa epekto ng modalidad ng pagbasa.

Inamyendahan ang *comprehension test* sa pamamagitan ng *peer review*, *cognitive interviewing*, at *pilot testing* batay sa *difficulty* at *discrimination indices* upang matiyak ang bisa at angkop na antas ng pagsusulit. Ang mga nabuong iskor ay nagsilbing batayan sa pagsusuri ng antas ng komprehenyon ng mga mag-aaral.

Mula sa pagtatasa na isinagawa matapos ang indibidwal at pangkatang pagbasa, bumuo ang mananaliksik ng pamantayan sa pagmamarka upang masuri ang mga resulta nito. Ang mga *raw score* na nakuha mula sa pagtatasa at impormasyon mula sa *focus group discussion* ay ang mga datos na kinalap at binigyang interpretasyon ayon sa mga alituntunin at layunin ng pag-aaral.

Ang pag-aaral ay gumamit ng deskriptibong estadistika tulad ng *mean*, *standard deviation, mean difference*, at *standard deviation difference* upang matukoy ang epekto ng indibidwal at pangkatang modalidad ng pagbasa sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral. Kinalkula rin ang *paired-samples t-test* ($p<0.05$) upang matukoy kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa *mean comprehension scores* sa indibidwal at pangkatang modalidad. Ginamit naman ang tematikong analisis sa kwalitatibong tugon na nakatuon sa lingguwistiko, motibasyonal, *heterogeneity* ng kaalaman, at distraksyon bilang pangunahing hamon sa implementasyon ng dalawang modalidad.

Sa paglalapat ng interpretasyon sa grado na nakuha ng mga mag-aaral sa pagtataya kaugnay sa tekstong binasa gamit ang indibidwal at pangkatang pamamaraan, bumuo ng batayan ang mananaliksik ayon sa sumusunod na kategorya: 80-100 – Malayang Komprehensyon; 59-79 – Nangangailangan ng Gabay; at 58-Pababa – Hirap sa

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Pag-unawa. Nakabatay ito sa mean o ang pangkalahatang iskor ng komprehensyon ng mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay sinuportahan ng Nueva Ecija University of Science and Technology (NEUST), Kampus ng Atate. Dumaan sa masusing proseso ng pag-aaral sa ilalim ng kursong FIL 214: Reading Instruction sa Paaralang Gradwado ng Wesleyan University-Philippines. Hiniling ng mananaliksik ang kaukulang permiso sa pamunuan ng NEUST-Atate sa pagsasagawa ng pag-aaral, maging sa mga kalahok nito na mga mag-aaral mula sa unang antas ng kolehiyo. Malinaw na naipaliwanag ang layunin at proseso ng pag-aaral. Ang mga datos na ginamit ay hango mula sa rekord ng klase sa asignaturang GE 2: Mga Babasahin Hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas. Tiniyak ang pagiging pribado ng impormasyon sa tamang pamamahala nito. Mahigpit ding iniwasan ang plahiyo, at binigyan ng wastong pagkilala ang mga ginamit na sanggunian. Naging matapat ang mananaliksik sa obhektibidad sa lahat ng aspekto ng pagsusuri at pagbibigay-kahulugan sa datos, nang hindi pinapaboran ang anuman pananaw.

## III. RESULTA AT DISKUSYON

### *A. Antas ng Komprehensyon sa Pagbasa ng mga Mag-Aaral sa Magkaibang Modalidad ng Pagbasa: (a) Indibidwal (b) Pangkatan*

Makikita sa talahanayan 1 ang resulta ng indibidwal na pagbasa sa komprehensyon ng mga mag-aaral batay sa isinagawang pagtatataya. Nakatala rito ang rekord ng labinlimang mag-aaral sa paunang resulta, katumbas nitong grado, iskor ng komprehensyon at antas ng komprehensyon.

***Talahanayan 1.***

*Resulta ng Pagtataya Matapos ang Indibidwal na Modalidad ng Pagbasa*

| BILANG | PANGALAN NG MAG-AARAL | PANGALAN NG TAGAPAGTAYA | PAUNANG RESULTA *(Nakatuon sa antas ng komprehensyon sa pagbasa)* | | KATUMBAS NA GRADO |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Mag-aaral 1 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 10 | 64 |
| | | | Katumpakan | 11 | |
| | | | Kaugnayan | 6 | |
| | | | Detalyado | 5 | |
| 2 | Mag-aaral 2 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 7 | 48 |
| | | | Katumpakan | 7 | |
| | | | Kaugnayan | 5 | |
| | | | Detalyado | 5 | |
| 3 | Mag-aaral 3 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 10 | 58 |
| | | | Katumpakan | 9 | |
| | | | Kaugnayan | 5 | |
| | | | Detalyado | 5 | |
| 4 | Mag-aaral 4 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 9 | 54 |
| | | | Katumpakan | 8 | |

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Kaugnayan | 6 | |
| | | | Detalyado | 4 | |
| 5 | Mag-aaral 5 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 8 | 54 |
| | | | Katumpakan | 8 | |
| | | | Kaugnayan | 6 | |
| | | | Detalyado | 5 | |
| 6 | Mag-aaral 6 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 9 | 58 |
| | | | Katumpakan | 9 | |
| | | | Kaugnayan | 6 | |
| | | | Detalyado | 5 | |
| 7 | Mag-aaral 7 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 7 | 44 |
| | | | Katumpakan | 6 | |
| | | | Kaugnayan | 5 | |
| | | | Detalyado | 4 | |
| 8 | Mag-aaral 8 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 12 | 74 |
| | | | Katumpakan | 11 | |
| | | | Kaugnayan | 7 | |
| | | | Detalyado | 7 | |
| 9 | Mag-aaral 9 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 9 | 56 |
| | | | Katumpakan | 8 | |
| | | | Kaugnayan | 5 | |
| | | | Detalyado | 6 | |
| 10 | Mag-aaral 10 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 7 | 44 |
| | | | Katumpakan | 8 | |
| | | | Kaugnayan | 4 | |
| | | | Detalyado | 3 | |
| 11 | Mag-aaral 11 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 6 | 40 |
| | | | Katumpakan | 7 | |
| | | | Kaugnayan | 4 | |
| | | | Detalyado | 3 | |
| 12 | Mag-aaral 12 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 12 | 82 |
| | | | Katumpakan | 13 | |
| | | | Kaugnayan | 8 | |
| | | | Detalyado | 8 | |
| 13 | Mag-aaral 13 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 7 | 44 |
| | | | Katumpakan | 7 | |
| | | | Kaugnayan | 4 | |
| | | | Detalyado | 4 | |
| 14 | Mag-aaral 14 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 6 | 42 |
| | | | Katumpakan | 7 | |
| | | | Kaugnayan | 5 | |
| | | | Detalyado | 3 | |
| 15 | Mag-aaral 15 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 7 | 44 |
| | | | Katumpakan | 6 | |
| | | | Kaugnayan | 5 | |

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

| | | |
|---|---|---|
| Detalyado | 4 | |
| *Batayan:*<br>*80-100- Malayang Komprehensyon*<br>*59-79- Nangangailangan ng Gabay*<br>*58-Pababa- Hirap sa Pag-unawa* | | Iskor ng Komprehensyon **= 54.93**<br>Antas ng Komprehensyon **= Hirap sa Pag-unawa** |

Nakabatay ang paunang resulta sa numerikal na tala ng markang nakuha ng mga mag-aaral sa mga gabay na tanong kaugnay sa tekstong binasa. Ito ay alinsunod sa *criteria for evaluation* na binuo ng tagapagtaya. Upang mapaunlad ang komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral, mahalaga ang paglalapat ng estratehiyang pagtatanong dahil nagdudulot ito ng direktang impluwensiya sa paggunita at pag-unawa (Duke & Pearson, 2022). Sa konteksto ng komprehensyon sa pagbasa, binigyang puntos ang *Kalinawan* batay sa pagkakaroon ng organisado at malinaw na sagot sa tanong. Ang *Katumpakan* ay minarkahan alinsunod sa kawastuhan ng sagot mula sa nilalaman ng teksto. Sa *Kaugnayan*, isinaalang-alang ang koneksyon ng sagot sa layunin ng tanong. Samantala, ang *Detalyado* ay pinuntusan ayon sa lalim at lawak ng impormasyong nailahad sa kasagutan. Ang pamantayan sa pagmamarka ay napakahalaga sa pagkakaroon ng obhektibong pagtatasa sa pamamagitan ng pagtutok sa mahahalagang aspeto (Moskal, 2000). Ginamit ng tagapagtaya ang criteria for evaluation upang maging kongkreto ang batayan sa pagsusuri ng metakognisyon ng mga mag-aaral.

Binigyan ng katumbas na grado ang bawat mag-aaral upang masuri nang indibidwal ang kanilang antas ng komprehensyon sa pagbasa. Bahagi rin ng talahanayan ang iskor ng komprehensyon sa buong set batay sa paggamit ng indibidwal na modalidad ng pagbasa. Isinaalang-alang ang pagkilala sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagganap gamit ang sumusunod na batayang marka: 80-100 ay itinuturing na may *Malayang Komprehensyon*, 59-79 ay *Nangangailangan ng Gabay*, at 58 pababa ay *Hirap sa Pag-unawa.*

Sa kabuuang datos, dalawang mag-aaral lamang (Mag-aaral 8 at Mag-aaral 12) ang mayroong kakayahan sa malayang komprehensyon. Kanilang naipakita ang kalinawan, katumpakan, kaugnayan, at pagiging detalyado sa mga sagot na ibinahagi sa pagtataya batay sa mga gabay na tanong, at hindi na ngangailangan ng pagtutok ng guro sa pagbasa. Samantala, limang mag-aaral (Mag-aaral 1, Mag-aaral 5, Mag-aaral 6, Mag-aaral 8, Mag-aaral 9) ang napabilang sa antas ng *Nangangailangan ng Gabay*. Nangangahulugan itong taglay nila ang pangunahing kaalaman, ngunit nangangailangan pa ng suporta upang mapalakas ang kanilang kasanayan sa pagbasa.

Sa kabilang banda, higit na marami ang bilang ng mga mag-aaral na napabilang sa *Hirap sa Pag-unawa.* Labing-isa sa kanila ang nakakuha ng mababang puntos batay sa pamantayan ng pagmamarka. Bunga ito ng limitasyon sa kakayahan pagdating sa kritikal na pagsusuri ng nilalaman. Ito ay may kaugnayan sa pagkakaroon ng mababang puntos sa aspeto ng *Detalyado*, kung saan marami sa kanila ay nakakuha lamang ng 3 hanggang 5 puntos. Ang kakapusan sa pagkilala ng mga detalye sa tekstong binasa ay

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

naging hamon sa kakayahan ng mga mag-aaral na magbigay ng masusing paliwanag at malalim na pag-unawa. Dahil dito, naapektuhan din ang aspeto ng *Katumpakan*. Ang ilang mag-aaral (Mag-aaral 2, Mag-aaral 7, Mag-aaral 10, Mag-aaral 14, at Mag-aaral 15) ay nagbigay ng bahagyang tumpak na sagot, hindi lubos na akma ang kanilang paliwanag sa teksto na binasa. Nagreresulta ng pagkakalihis sa tumpak na sagot ang kakulangan sa pagiging detalyado ng mga mag-aaral sa pagpoproseso ng teksto (Isa, 2023). Ito ang nagiging sanhi ng pagkakaapekto sa kalidad ng kanilang komprehensyon, sapagkat ang kakulangang ito ay nagdudulot ng hindi lubos na pagkaunawa sa pangunahing ideya ng teksto.

Makikita rin sa talahanayan ang mga mag-aaral na mababa sa aspeto ng *Kalinawan* (Mag-aaral 7, Mag-aaral 10, Mag-aaral 11, Mag-aaral 13, at Mag-aaral 14) dahil sa kakulangan sa malinaw na organisasyon ng ideya. Bagama't may kakayahan silang magpahayag ng kasagutan, kinakailangan pa rin nilang mapaghusay ang paraan ng pagsasaayos ng mga ideya dahil nagdudulot ito ng kalituhan sa paksa. Ang aspetong ito ay nakaapekto rin sa puntos ng *Kaugnayan*. Ang ilang mag-aaral (Mag-aaral 7, Mag-aaral 9, Mag-aaral 10, Mag-aaral 11, Mag-aaral 13, at Mag-aaral 15) ay nagpahayag ng mga sagot na hindi lubos na nakakonekta sa layunin ng tanong. Ang maingat na pag-uusisa sa sarili—mula sa pagninilay sa kahulugan ng tanong, paglikha ng karagdagang katanungan upang linawin ang kahingian, hanggang sa pagsusuri sa ugnayan ng mga ideya—ay nakatutulong sa sistematikong pagsasaayos ng konsepto at nagpapalinaw ng mga kasagutan. Ang kakulangan sa maayos na pagsasagawa ng ganitong sariling pag-uusisa ang pangunahing dahilan ng mababang puntos ng mga mag-aaral sa nabanggit na aspeto. Sa isinagawang pagsisiyasat, ang mga mag-aaral na mababa sa aspeto ng *Kaugnayan* ay nakaranas ng kahirapan sa paggamit ng tamang impormasyon dahil napagsasama-sama sa paliwanag ng sagot ang magkakaibang paksa.

Ang mean na iskor ng komprehensyon ay 54.93, ito ay nakuha mula sa kabuuang pagsusuri ng mga indibidwal na tala ng katumbas na grado ng bawat mag-aaral. Sa pangkalahatan, ang resultang ito ay ipinapakita na ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral ay nasa kategoryang *'Hirap sa Pag-unawa'*. Nangangahulugan ito na ang aplikasyon ng indibidwal na modalidad ng pagbasa ay hindi naging sapat upang maitaas ang kanilang kakayahang maunawaan ang teksto. Batay sa mga datos na nakalap, kinakailangan pa ang higit na pagbibigay ng pansin sa higit na epektibong modalidad na gagamitin sa pagtuturo upang mas mapahusay ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral.

***Talahanayan 2.***
*Resulta ng Pagtataya Matapos ang Pangkatan na Modalidad ng Pagbasa*

| BILANG NG PANGKAT | PANGALAN NG MAG-AARAL | PANGLAN NG TAGAPAGTAYA | PAUNANG RESULTA *(nakatuon sa antas ng komprehensyon sa pagbasa)* | | KATUMBAS NA GRADO |
|---|---|---|---|---|---|
| | Mag-aaral 1 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 12 | 76 |
| | | | Katumpakan | 12 | |
| | | | Kaugnayan | 7 | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Detalyado | 7 | |
| 1 | Mag-aaral 2 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 10 | 68 |
| | | | Katumpakan | 11 | |
| | | | Kaugnayan | 7 | |
| | | | Detalyado | 6 | |
| | Mag-aaral 3 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 12 | 70 |
| | | | Katumpakan | 10 | |
| | | | Kaugnayan | 7 | |
| | | | Detalyado | 6 | |
| | Mag-aaral 4 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 11 | 70 |
| | | | Katumpakan | 10 | |
| | | | Kaugnayan | 8 | |
| | | | Detalyado | 6 | |
| | Mag-aaral 5 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 10 | 72 |
| | | | Katumpakan | 12 | |
| | | | Kaugnayan | 7 | |
| | | | Detalyado | 7 | |
| | Mag-aaral 6 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 12 | 74 |
| | | | Katumpakan | 11 | |
| 2 | | | Kaugnayan | 7 | |
| | | | Detalyado | 7 | |
| | Mag-aaral 7 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 10 | 62 |
| | | | Katumpakan | 9 | |
| | | | Kaugnayan | 7 | |
| | | | Detalyado | 5 | |
| | Mag-aaral 8 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 12 | 80 |
| | | | Katumpakan | 12 | |
| | | | Kaugnayan | 8 | |
| | | | Detalyado | 8 | |
| | Mag-aaral 9 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 11 | 70 |
| | | | Katumpakan | 10 | |
| | | | Kaugnayan | 7 | |
| | | | Detalyado | 7 | |
| | Mag-aaral 10 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 9 | 58 |
| | | | Katumpakan | 9 | |
| | | | Kaugnayan | 6 | |
| | | | Detalyado | 5 | |
| | Mag-aaral 11 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 10 | 64 |
| | | | Katumpakan | 9 | |
| | | | Kaugnayan | 7 | |
| | | | Detalyado | 6 | |
| 3 | Mag-aaral 12 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 14 | 88 |
| | | | Katumpakan | 14 | |
| | | | Kaugnayan | 8 | |
| | | | Detalyado | 8 | |

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Mag-aaral 13 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 7 | 48 |
| | | Katumpakan | 6 | |
| | | Kaugnayan | 6 | |
| | | Detalyado | 5 | |
| Mag-aaral 14 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 10 | 64 |
| | | Katumpakan | 10 | |
| | | Kaugnayan | 7 | |
| | | Detalyado | 5 | |
| Mag-aaral 15 | Dara Mae T. Fernandez | Kalinawan | 11 | 62 |
| | | Katumpakan | 8 | |
| | | Kaugnayan | 6 | |
| | | Detalyado | 6 | |
| *Batayan:*<br>*80-100- Malayang Komprehensyon*<br>*59-79- Nangangailangan ng Gabay*<br>*58-Pababa- Hirap sa Pag-unawa* | | | | Iskor ng Komprehensyon **= 67.07**<br>Antas ng Komprehensyo **=Nangangailangan ng Gabay** |

Sa kabilang dako, makikita naman sa Talahanayan 2 ang resulta ng pagtataya para sa pangkatang pagbasa na binigyang puntos alinsunod sa parehong *criteria of evaluation* na ginamit sa indibidwal na pagbasa. Hinati sa tatlong grupo ang labinlimang mag-aaral sa panahon ng pagbasa, ngunit indibidwal na minarkahan sa pagtataya. Ang pangkatang pagbasa ay mabisa sa pagpapalakas ng kolaboratibong pagkatuto (Vygotsky, 1978). Sa konsepto ng kolaborasyon sa pagbasa, nakatutulong ito sa mga mag-aaral na maunawaan ang nilalaman ng teksto sa pamamagitan ng pagpapaliwanag at pakikipagpalitan ng kaalaman sa kanilang mga kamag-aral. Upang masukat naman ang aktwal na kontribusyon at antas ng komprehensyon ng bawat mag-aaral matapos ang kolaboratibong pagbasa, binigyang-diin ang kahalagahan ng pagasasagawa ng indibidwal na pagtataya.

Sa kabuuang tala ng datos, dalawang mag-aaral lamang (Mag-aaral 8 at Mag-aaral 12) ang napabilang sa kategoryang may *'Malayang Komprehensyon'* dahil sila ay nakakuha ng iskor na higit sa 80. Samantala, labing-isang mag-aaral naman ang napabilang sa kategoryang *'Nangangailangan ng Gabay'* sapagkat nasa pagitan ng 59 hanggang 79 ang iskor na kanilang nakuha. Bagama't taglay ng mga mag-aaral (Mag-aaral 1, Mag-aaral 2, Mag-aaral 3, Mag-aaral 4, Mag-aaral 5, Mag-aaral 6, Mag-aaral 7, Mag-aaral 9, Mag-aaral 11, Mag-aaral 14, at Mag-aaral 15) ang kalakasan sa aspeto ng *Kalinawan* at *Katumpakan*, makikita pa rin ang limitasyon sa lalim ng kanilang pag-unawa sa tekstong binasa dahil sa kahinaan sa aspeto ng *Kaugnayan* at *Detalyado*. Karaniwang nasa pagitan ng 6 hanggang 7 puntos ang kanilang marka sa aspeto ng *Kaugnayan*, habang nasa pagitan ng 5 hanggang 7 puntos naman ang kanilang marka sa *Detalyado*. Nangangahulugan ito na

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

mayroon ng pangunahing kakayahan ang labing-isang mag-aaral na maunawaan ang teksto dahil sa mataas na puntos sa *Kalinawan* at *Katumpakan*. Gayunpaman, nagdudulot ng limitasyon sa kanilang pangkalahatang antas ng komprehensyon sa pagbasa ang kakulangan sa masusing detalye at wastong ugnayan ng kaisipan. Ayon kina Fusco et al. (2025), bagama't nakapagpapalakas ang kolaboratibong gawain ng motibasyon at partisipasyon ng mga mag-aaral, kinakailangan pa rin ang indibidwal na pagsusuri upang matiyak ang sariling pag-unawa at pananagutan. Sinuportahan nina De Backer et al. (2022) ang pananaw na ito sa pamamagitan ng kanilang pagtukoy na habang nakapagpapalalim ang shared metacognitive regulation sa grupong pagkatuto, kritikal ang indibidwal na repleksyon at self-assessment para sa patas na pag-unlad ng bawat kasapi.

Batay sa resultang nakalap, ang *mean* na iskor ng komprehensyon ng mga mag-aaral ay 67.07. Nakabatay ito sa kabuuang tala ng indibidwal na grado mula sa isinagawang pagtataya matapos ang aplikasyon ng pangkatan na modalidad ng pagbasa. Ayon sa pamanatayan, ang nakuhang iskor ay nasa kategoryang *'Nangangailangan ng Gabay'*. Bagama't ang pagsasagawa ng pangkatang pagbasa ay nakapagbibigay ng suporta sa pagkatuto, hindi ito nagbibigay ng katiyakan sa pagkakapareho ng dulot nito sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral.

### *B. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Komprehensyon ng mga Mag-aaral batay sa Resulta ng Pagtataya Matapos ang Indibidwal at Pangkatang Pagbasa*

***Talahanayan 3.***

*Paghahambing ng Mean Scores, Standard Deviation, at Statistical Significance ng Indibidwal at Pangkatan na Modalidad ng Pagbasa.*

| METRIKS | INDIBIDWAL | PANGKATAN | MEAN DIFFERENCE | SD OF DIFFERENCE | t-Value | p-Value | INTERPRETASYON |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Mean | 54.93 | 67.07 | 12.14 | 4.92 | 9.39 | <0.001 | Significant/ Makabuluhan |
| SD | 11.54 | 9.82 | - | - | - | - | - |

Sa pamamagitan ng *paired t-test*, sinuri sa ikatlong talahanayan ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral matapos isagawa ang dalawang modalidad ng pagbasa – indibidwal at pangkatan.

Ang iskor ng mean na 54.93 sa indibwal na modalidad ay nagpapahiwatig ng antas ng komprehensyon na *'Hirap sa Pag-unawa'*. Samantala, sa pangkatang modalidad ay naitala ang iskor ng mean na 67.07 at ito ay tumutukoy sa antas ng komprehensyon na *'Nangangailangan ng Gabay'*. Batay sa mean scores, ipinapakita na nagkaroon ng pagtaas sa antas ng komprehensyon mula sa resulta ng indibidwal na pagbasa at pangkatang pagbasa.

Taglay ng indibiwal na modalidad ng pagbasa ang mas mataas na pagkakaiba-iba sa mga iskor ng mag-aaral, batay sa standard deviation (SD) nito na 11.54. Sa kabilang banda, mas consistent ang iskor ng mga mag-aaral sa resulta ng pangkatang pagbasa dahil sa SD nitong 9.82. Dahil dito, nagkroon ng standard deviation difference na 4.92,

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

ibig sabihin ay hindi gaanong nagkakalayo ang distribusyon ng mga pagbabago sa scores sa dalawang modalidad.

Nagkaroon ng *mean difference* na 12.14 ang resulta ng indibidwal at pangkatan na pagbasa, na nagpapakita rin ng average na pagtaas sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang *t-value* na 9.39 ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng indibidwal at pangkatang modalidad na pagbasa. Katumbas nito ang *p-value* na <0.001, nangangahulugan ito na ang pagtaas sa mga iskor ay direktang epekto ng pagbabago sa modalidad ng pagbasa.

Ang resulta ng *paired t-test* ay nagpapakita na mas nakatutulong ang kolaboratibong moda sa pagbasa. Higit na epektibo ang pangkatan na modalidad ng pagbasa sapagkat nakapagbigay ito ng mas mataas na average scores sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral na may pagkakapareho at makabuluhang pagkakaiba.

### *C. Mga Hamon sa Paggamit ng Indibidwal at Pangkatang Modalidad ng Pagbasa*

Sa pamamagitan ng *focus group discussion* (FGD) ng mananaliksik sa mga mag-aaral na sumubok ng indibidwal at pangkatang pagbasa, nakalap ang mga suliranin sa dalawang modalidad bilang estratehiya sa pagpapataas ng komprehensyon sa pagbasa. Ang mga sumusunod ay kinakailangang bigyang-pansin ayon sa kasagutan ng mga respondente: Para sa indibidwal na pagbasa: (1) Hindi madaling unawain ang wika sa teksto; at (2) Kakulangan ng motibasyon sa pagbasa. Para naman sa pangkatang pagbasa: (3) Pagkakaiba-iba sa antas ng kaalaman; at (4) Pagkakaroon ng distraksyon.

*Hindi madaling unawain ang wika sa teksto*

Ang komentong ito ay nagpapahiwatig na ang wika sa teksto ay naging salik sa kahirapan ng mga mambabasa upang unawain ang nilalaman nito. Bilang kasanayang pangwika, ang pagbasa ay nakatutulong sa paglinang ng kasanayan sa mabisang pag-unawa sa teksto (Delos Santos et.al, 2024). Napakahalaga ng pagkakaroon ng wika na malinaw at akma sa kaalaman ng mga mag-aaral. Kinakailangan na ang wika ay naaayon sa konteksto, kultura, at interes ng mambabasa. Ang mga sumusunod ay tugon ng mga respondente hinggil sa komento:

> *"May kakayahan po akong umunawa sa wikang Ingles, ngunit may mga termino po kung minsan sa teksto na hindi ko maunawaan dahil hindi ko pamilyar ang English term".* (Mag-aaral 1, 2025)
>
> *"Nakukuha ko po yung ideya habang binabasa, pero yung pagiging detalyado sa kaisipan ay hindi po gaano dahil medyo hirap po ako sa English". (Mag-aaral 5, 2025)*
>
> *"Hindi ko po gaanong nasusundan ang punto ng pahayag dahil po English, siguro po kung Filipino baka po mas madaling basahin".* (Mag-aaral 13, 2025)
>
> *"Kaya ko pong basahin yung article, pero hindi pa po mabisa sa analitikal na paraan dahil medyo hirap po ako sa English".* (Mag-aaral 10, 2025)
>
> *"Dapat po mayroong salin sa Filipino, para kapag hindi masundan sa English ay titingin na lang po sa Filipino version".* (Mag-aaral 15, 2025)

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Batay sa mga pahayag, mayroon ng *point of saturation* buhat sa karanasan ng mga mag-aaral higgil sa wika ng tekstong pangkasaysayan na ginamit sa indibidwal na modalidad ng pagbasa.

Malaki ang bahagi ng mga *curriculum developers* sa pagtatakda ng pamantayan sa mga paksa ng aralin sa mga paaralan at maging sa mga materyales na ginagamit sa pagtuturo. Mas mainam na sila ang maging katuwang ng guro sa pagbuo ng mga materyales na makatutugon sa pangangailan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng kursong GE 2: Mga Babasahin Hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas, naipakikita ang pagsusulong ng pag-unawa sa kasaysayan, kultura at identidad ng Pilipinas, kaya napakahalaga na ang wika na ginagamit sa mga materyal ay malinaw at akma sa target na mambabasa. Ayon kay Salazar (2015) sa kaniyang pantayong pananaw, para sa Pilipino ang kuwento ng kasaysayan ng mga Pilipino kaya't marapat na ang pagsasalaysay ay nasa wikang naiintindihan ng mga Pilipino.

Sa kabila ng pagkakapareho ng suliranin sa wika ng mga respondente, parehong pangangailangan ang Filipino at Ingles sa mga materyal na babasahin, lalo pa at nananatili itong kahinaan sa mga mag-aaral. Sa kaso ng pag-aaral, unang wika ng mga mag-aaral ang Filipino kaya't tinatanaw na makapagdudulot ito ng mas mataas na antas ng komprehensyon sa pagbasa. Buhat dito, makabubuo ng higit na matibay na pundasyon sa pagkatuto at mapadadali ang pag-unawa sa mas komplikadong aspekto ng Ingles.

Upang mapalakas ang pedagohikal na suporta, kinakailangang magpatupad ng pantuulayang pangwika na sabay na nagpapakita ng orihinal na Ingles at salin sa Filipino upang agarang luminaw sa mambabasa ang di-pamilyar na termino.

Ipinapakita ng tala ng FGD na ang di-pamilyar na bokabularyo sa Ingles ay nagiging hadlang sa tuloy-tuloy nap ag-unawa, kaya't ang pantuluyang pangwika—na sabay na naglalakip ng orihinal at salin—ay makatutugon sa pangangailangan ng agarang klaripikasyon ng termino at sinusuportahan ang metacognitive monitoring ng mag-aaral (Yawiloeng, 2022; Nguyen, 2022; Sun, 2024).

Sa perspektiba ng kritikal na diskursong analisis, ang eksklusibong paggamit ng Ingles sa materyal ay nagpapatibay ng hegemonikong posisyong pangwika ng mag-aaral; samantala, ang integrasyon ng Filipino ay nagtataguyod ng representational equity at makapagpapalakas sa decolonizing pedagogies (Murray & Desrochers, 2021; El Moudden & Said, 2025).

***1. Kakulangan ng motibasyon sa pagbasa.***

Ang pagkakaroon ng motibasyon sa pagbasa ay isa rin sa napakahalagang salik tungo sa mas mataas na antas na komprehensyon sa mga mag-aaral. Dito nakasalalay ang makabuluhang proseso ng pagbasa. Nakatutulong ang pagkakaroon ng motibasyon upang maging aktibo ang mambabasa sa pagninilay ng teksto. Ang mga sumusunod ay ang suliraning danas ng mga respondente sa kakulangan ng motibasyon sa pagbasa:

> *"Mahaba po ang babasahin, medyo nakakainip na puro text lamang ang nakikita. Sana po ay may mga pictures din para mas maka-relate sa binabasa". (Mag-aaral 7, 2025)*

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

*"Mahirap pong intindihin, hindi po kasi ako madalas nakakapagbasa ng mga tekstong pangkasaysayan". (Mag-aaral 11, 2025)*

*"May pressure po akong nararamdaman sa pagbasa, hindi ko po sigurado kung tama ang pagkakaintindi ko". (Mag-aaral 14, 2025)*

Sa mga tugon na ito, masusuri na ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pagbasa ay naaapektuhan ng panlabas at panloob na aspekto. Kaugnay sa panlabas na aspekto, makatutulong sa pagkakaroon ng motibasyon sa pagbasa ang pagpapahusay sa visual appeal ng mga babasahing materyales. Ang pagsasama ng teksto at grapiko ay maaaring makapagpataas ng interes ng mga mag-aaral sa pagbasa kumpara sa paggamit ng teksto lamang. Ayon kina Guo et.al (2020), sa kanilang pagsusuri sa epekto ng paggamit ng grapiko sa komprehensyon sa pagbasa, anumang antas ng mag-aaral ay may potensyal na matuto mula sa paggamit ng grapiko. Ang pagdedekodigo ng berbal at biswal na representasyon ay makatutulong sa pagbuo ng malalim na pag-unawa sa pagbabasa. Samantala sa panloob na aspketo, ang pagkakaranas ng kakulangan sa kumpiyansa sa sarili at kawalan ng ekposyur sa pagbabasa ng tekstong pangkasaysayan ay nakapagpapababa rin ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pagbasa. Nagiging sanhi ito sa pag-iral ng pananaw sa pagiging mahirap ng aktibidad at pag-aalinlangan sa sariling kakayahan ng mga mambabasa.

Ipinapahayag ng resultang ito na ang kakulangan ng biswal na elemento at labis na tekstuwal na presentasyon ay nagdudulot ng pagbaba ng intrinsik na motibasyon at pagtaas ng reading anxiety; kaya't kinakailangan ng pagsasama ng elemento ng paglalaro at multimodal na suporta upang pasiglahin ang aktibong partisipasyon (Rahmi et al., 2025; Anggrainy et al., 2024, Wang et al., 2024).

Sa kritikal na pagsusuri ng diskurso, ang *primacy* ng *monomodal* na teksto ay bahagi ng Kanluraning pamantayan na hindi isinasaalang-alang ang *multimodal* na materyal ay nagtataguyod ng mas inklusibong pamamaraan ng pagbabasa at alternatibong diskursong pang- edukasyon (Murray & Desrochers, 2021; El Moudden & Said, 2025).

***2. Pagkakaiba-iba sa antas ng kaalaman.***

Mahihinuha sa mga pahayag na nakaaapekto sa pagganap ng grupo ang pagkakaiba-iba sa antas ng kaalaman sa tekstong kanilang binasa.

*"Habang nagbabahagian po kami ng ideya sa paksa ng teksto, hindi po pantay ang kontribusyon ng lahat sa pangkat kasi ang iba po ay hindi gaanong naunawaan ang binasa".* (Mag-aaral 12, 2025)

*"Medyo nahuhuli po ako sa pag-intindi sa binabasa kaya nagtatanong po ako sa mga kasamahan ko".* (Mag-aaral 3, 2025)

*"Kung minsan po ay nagkakaroon ng kalituhan sa aming binabasa dahil sa iba't ibang kaisipan sa grupo".* (Mag-aaral 9, 2025)

Ang mga mag-aaral na hirap sa pag-unawa sa kanilang binabasa ay karaniwang tahimik lamang sa grupo at hindi gaanong nakapagbabahagi ng kontribusyon sa diskurso, samantalang mas aktibo at mas may kalidad ang kontribusyon na naibabahagi ng mga mag-aaral na mas nakauunawa sa kanilang binabasa. Maaaring magdulot ng damdamin ng pagkabigo sa pangkat ang hindi pagkakapantay-pantay sa antas ng

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

kaalaman, at posibleng mabunga rin ng mga dominante at mga pasibong miyembro. Ang ganitong dinamika ay kinakailangang mabalanse sa pamamagitan ng pagkilala sa tiyak na gampanin ng bawat miyembro, sapagkat kung hindi mapamamahalaan nang maayaos ay posibleng magresulta ng hindi pantay na pag-unlad ng kasanayan sa loob ng grupo.

Ang pag-iral ng kalituhan sa kaisipan sa pagbasa ay maaaring bunga ng magkakaibang interpretasyon sa teksto. Naaapektuhan ito ng antas ng kaalaman, at dahil sa pagkakaiba-iba, maaari itong magresulta sa hindi makakatugmang pag-unawa at kahirapan sa pagsasama-sama ng ideyang magbibigay-linaw sa teksto.

Ang *heterogenous grouping* na may sistematikong peer assessment ay nakapagpapabawas sa knowledge gap at nakapagtataguyod ng pantay na partisipasyon (Kim et al., 2020; Kanika et al., 2023; Amendola et al., 2023) Sa malalimang pagsusuri sa diskursong panggrupo, inilalahad nina Murray at Desrochers (2021) na ang istrukturang binubuo ng balangkas ng mga pormal at impormal na tuntunin, ang tiyak na papel ng bawat miyembro, ang mga mekanismo ng pagpapasya, at ang pamamahala sa impormasyon at oras—ang siyang humuhubog sa balanse ng kapangyarihan at daloy ng kaalaman.

***3. Pagkakaroon ng distraksyon.***

Batay sa mga pahayag na ito, may pagkakatulad ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagkakaroon ng distraksyon habang isinasagawa ang pangkatang gawain.

*"Nagtatagal po kami sa pagbasa dahil kailangang i-level ang kaalaman ng bawat isa sa nilalaman ng article".* (Mag-aaral 4, 2025)

*"Maganda po ang pangkatan kasi nagtutulong-tulong para maintindihan ang teksto, kaya lang po nakakawala rin ng pokus kapag laging may pagsasaalang-alang sa kasama habang nagbabasa".* (Mag-aaral 8, 2025)

*"Nakakaabala po sa pagbabasa ang pagbabahagi ng ideya na wala namang kaugnayan sa binabasa".* (Mag-aaral 2, 2025)

*"May miyembro po sa aming grupo na hindi gaanong nagseseryoso sa pagbasa, nakakagulo po sa amin".* (Mag-aaral 6, 2025)

Bagama't positibo ang layunin ng pagtutulungan, naging sanhi ito ng suliranin sa aspetong estruktural at interpersonal ng grupo. Sa estruktural na aspeto, nakaranas ng pagkaantala sa gawain ang pangkat dahil sa mga hamon sa pag-oorganisa ng kaalaman at kontribusyon ng mga kasapi. Kaugnay naman sa interpersonal na aspeto, negatibong nakaapekto ang mga salik tulad ng dependensya, mga ideya na walang kaugnayan sa pagbasa, at kawalan ng disiplina. Ang mga ito ay ilan sa naging kahinaan ng grupo, dahilan upang maging hindi ganap na organisado ang diskusyon at pag-unawa ng teksto.

Idinisenyo ang pangkatang modalidad upang mapataas ang antas ng komprehensyon sa pagbasa sa pamamagitan ng kolaborasyon, subalit ang pagiging epektibo nito ay nakasalalay sa malinaw na layunin, alituntunin at pamamaraan sa gawain ng mga mag-aaral.

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Batay sa datos ng FGD, napag-alaman na ang malabong pagtatalaga ng tungkulin at hindi sistematikong pamamahala ng oras ang pangunahing nagdudulot ng paglihis ng atensyon at pagkaantala sa pagbabasa. Sa ganitong konteksto, ipinapakita ng mga natuklasan nina Kim et al. (2020), Kanika et al. (2023), at Amendola et al. (2023) na mahalaga ang maayos na alokasyon ng tungkulin at mahusay na pamamahala sa oras upang mapangalagaan ang tuloy-tuloy na daloy ng diskurso at pagbasa.

Sa konteksto ng kritikal na diskursong analisis, ang maluwag na estruktura ng interaksyon ay nagbubukas ng espasyo para sa power negotiations at identity positioning, na nakakaapekto sa daloy at kalidad ng kolaborasyon (Murray & Desrochers, 2021; El Moudden & Said, 2025).

## IV. KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, mas epektibo ang pangkatang modalidad kaysa sa indibidwal na modalidad ng pagbasa sa pagpapataas ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral. Labing-isa (11) sa mga mag-aaral ang napabilang sa antas ng "*Hirap sa Pag-unawa*" sa indibidwal na modalidad – mas malaking bilang ito kumpara sa naitalang dalawang (2) mag-aaral na nakakuha ng parehong antas sa pangkatang modalidad. Ipinapakita nito na karamihan sa mga mag-aaral ay nagkaroon ng pag-angat ng iskor sa komprehensyon sa pangkatang pagbasa batay sa iisang *criteria of evaluation* na ginamit sa parehong modalidad. Gayunpaman, nangangailangan pa rin ng masusing pagtutok sa pagbasa ng mga mag-aaral sa dalawang modalidad upang matugunan ang mga hamon sa pagsasagawa nito at upang ganap nilang makamit ang malayang komprehensyon sa pagbasa.

Ilan sa mga hamon na natukoy mula sa isinagawang *focus group discussion* kaugnay sa indibidwal na pagbasa ay ang mga sumusunod: hindi madaling unawain ang wika sa teksto at kakulangan ng motibasyon sa pagbasa. Ang kahirapan sa pag-unawa ay nararanasan ng mga mag-aaral na hindi sapat ang kaalaman o kasanayan sa paggamit ng wikang nakapaloob sa teksto. Nangyayari ito dahil sa limitasyon sa bokabularyo; may mga terminong ginagamit sa teksto na hindi pamilyar sa mga mambabasa. Ito ay nagiging sanhi ng kalituhan sa tunay na kahulugan ng nilalaman. Nagiging mas mabagal ang pagproseso ng ideya at nagkakaroon ng kontekstuwal na distansya dahil ang wika ng teksto ay hindi umaayon sa kamalayan ng mambabasa. Maliban sa suliraning pangwika, hamon din sa indibidwal na pagbasa ang kawalan ng motibasyon. Ilan sa mga salik nito ay ang estruktura ng nilalaman, partikular ang pagiging *text-heavy* ng materyales, at ang kakulangan ng mga grapiko. Nagiging mahirap para sa mga mag-aaral ang magproseso ng impormasyon mula sa teksto, lalo na kung ito ay mahaba at naglalaman ng mga terminong hindi pamilyar. Dahil dito, nakararanas ang mga mambabasa ng *information overload*.

Mayroon ding mga suliraning kinakaharap ang mga mag-aaral sa pangkatang pagbasa, sa kabila ng positibong epekto nito sa pagpapataas ng komprehensyon ng mag-aaral. Ito ay nasuri mula sa pagkakaiba-iba sa antas ng kaalaman, at pagkakaroon ng distraksyon. Natuklasan sa pag-aaral na ang pagkakaroon ng pagkakaiba-iba sa antas ng kaalaman ng mga miyembro ng grupo ay nagdudulot ng kalituhan sa pag-unawa ng

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

teksto. Bukod dito, naaapektuhan din ang panahon sa pagbabasa ng ilang miyembro dahil isinasaalang-alang ang kakayahang makasabay ng iba. Ang kawalan ng disiplina sa grupo, ang paglitaw ng mga kaisipang lihis sa paksa ng babasahin, at ang paggambala ng ilang kasamahan ay nagiging hadlang sa masusing pagbasa.

Alinsunod sa mga nabanggit, higit na mainam na paunang isagawa ang pangkatang modalidad na pagbasa upang magkaroon ng gabay at mapaunlad ang estilo ng mga mag-aaral. Bagama't may mga positibong dulot ang kolaborasyon sa pagbasa, mahalagang isaalang-alang ang pangangailangan ng organisadong estruktura, maayos na alituntunin, at malinaw na direksyon upang matiyak ang tagumpay ng gawain. Ngunit, hindi ito nangangahulugan na hindi na pasusubukin ang mga mag-aaral sa indibidwal na modalidad dahil kinakailangan din ang pagsasanay sa indibidwal na pamamaraan. Kinakikitaan lamang ang pangkatang pagbasa ng higit na pagiging epektibo upang maihanda ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa panahong kinakailanhgan ang indibidwal na pagganap.

## V. REKOMENDASYON

Inirerekomenda ng pag-aaral ang sistematikong pagdidisenyo at paglalathala ng mga research-based na panturo at materyales bilang batayan sa pagbuo ng de-kalidad na kagamitan na eksaktong nakaangkop sa mga layunin at nilalaman ng asignaturang Readings in Philippine History. Kinakailangang isagawa ang organisadong pamamahagi ng pantulong na balangkas at gawain sa maliliit na pangkat, kasabay ng pagsasama ng mga pangmeta-kognitibong paalala at bukas-isip na pamamaraan sa bawat hakbang ng pagbabasa, upang hasain ang kakayahan ng mga mag-aaral na kontrolin at isaayos ang kanilang sariling pagkatuto. Kung hindi magamit ang pisikal na aklat, makabubuti ring gumamit ng interaktibong elektronikong aklat na may grapika at multimedia, kasabay ng madaling diksyunaryong bilinggwal sa paglalahad ng konsepto, pagsasanay sa bokabularyo bago magbasa, at paglalapat ng grapikong tagapag-ayos upang mapalawak ang bokabularyo at patatagin ang batayang kaalaman. Makatutulong din ang pagpapairal ng facilitator-led reading groups, kung saan ang facilitator ng pangkatan ay maaari ding ang mga mag-aaral mismo, sa ilalim ng istrukturadong balangkas ng pakikipagtulungan sa kapwa na may umiikot na pamumuno, mga alituntunin sa pamamahala ng oras, at paikot na feedback loops. Nakasalig ito sa pamamaraan ng palitan ng pagtuturo, kung saan ang mga mag-aaral ay nagpapaliwanag, nagtatanong, nagbibigay-linaw, at nagbubuod ng mga kaisipan mula sa teksto upang masubaybayan ang proseso ng pagbabasa at maiwasan ang pagsuway sa alituntunin ng aktibidad. Panghuli, kinakailangan ding tutukan ng guro ang pagsasanay sa magkakasunod na pantulong na pamamaraan (mga patnubay na tanong, grapikong tagapag-ayos, at modelong pagsusuri ng teksto) at ang pagpapaunlad ng pansariling talaang pagbasa upang suportahan ang pinapatnubayang pagkatuto sa parehong modalidad ng pagbasa.

## VI. TALASANGGUNIAN

Amendola, D., et al. (2023). Machine-learning-based software to group heterogeneous students for online peer assessment activities. *Communications in Computer and*

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

*Information Science* (Vol. 1779, pp. 17 – 29). Springer. https://doi.org/10.1007/978-3-031-29800-4_2

Anggrainy, F. P. N., et al. (2024). Gamifying reading motivation in EFL students: Enhancing engagement and language learning through ICT. *Journal Simki Pedagogia, 7*(1), 106 – 118. https://doi.org/10.29407/jsp.v7i1.547

Butterfuss, R., Kim, J., & Kendeou, P. (2020). Reading comprehension. *Oxford Research Encyclopedia of Education*. https://doi.org/10.1093/acrefore/9780190264093.013.865

Kanika, Chakraverty, S., Chakraborty, P., & Madan, M. (2022). Effect of different grouping arrangements on students' achievement and experience in collaborative learning environment. *Interactive Learning Environments, 31*(10), 6366–6378. https://doi.org/10.1080/10494820.2022.2036764

De Backer, L., Van Keer, H., & Valcke, M. (2022). The functions of shared metacognitive regulation and their differential relation with collaborative learners' understanding of the learning content. *Learning and Instruction, 77*, Article 101527. https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2021.101527

Delos Santos, L. S., Garingalao, A. D. N. E., Mariano, J. P., Najam, H. M., & Ladao, C. C. (2024). Mga salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa junior high school. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 8*(3), 130-140. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2024/03/N24803130140.pdf

Department of Education. (2023). Comprehensive rapid literacy assessment (CRLA). Mula sa https://depedph.com/crla-comprehensive-rapid-literacy-assessment/

Duke, N. K., & Pearson, P. D. (2022). Effective practices for developing reading comprehension. In A. E. Farstrup & S. J. Samuels (Eds.), What research has to say about reading instruction. *International Reading Association*. https://faculty.washington.edu/smithant/DukeandPearson.pdf.

El Moudden, R., & Said, K. (2025). Locating critical discourse studies within school textbook research: A systematic literature review of research articles. *Cogent Education, 12*(1). https://doi.org/10.1080/2331186X.2025.2481006

Foundation for Learning and Literacy. (2020). On defining effective reading. https://www.foundationforlearningandliteracy.info/wp-content/uploads/2020/09/Fact-check-definitions-about-reading.pdf

Fusco, J., DiMaria, S., Yeadon, B., Kolodner, J., & Shell, A. (2025). Assessment during collaborative learning: Mapping, clarifying, and communicating key ideas about collaborative learning to STEM audiences. *Digital Promise*. https://digitalpromise.org/wp-content/uploads/2025/05/MC2-Assessment-Research-Primer.pdf

Guamanga, M. H., Saiz, C., Rivas, S. F., & Bueno, P. M. (2025). Critical Thinking and Metacognition: Pathways to Empathy and Psychological Well-Being. *Journal of Intelligence*, *13*(3), 34. https://doi.org/10.3390/jintelligence13030034

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Guo, D., et al. (2020). Do you get the picture? A meta-analysis of the effect of graphics on reading comprehension. *Review of Educational Research*, *90*(4), 535-567. https://doi.org/10.1177/2332858420901696

Kim, S., Lin, T.J., Chen, J., Logan, J., Purtell, K. M., & Justice, L. M. (2020). Influence of teachers' grouping strategies on children's peer social experiences in early elementary classrooms. *Frontiers in Psychology, 11.* https://doi.org/10.3389/fpsyg.2020.587170

Marulis, L. M. (2025). Editorial: Advances in metacognition and reflection. *Frontiers in Developmental Psychology*, *3*, Article 1579553. https://doi.org/10.3389/fdpys.2025.1579553

McAllum, R. (2014). Reciprocal teaching: Critical reflection on practice. *Kiraranga,* 15(1), 24 – 33. https://doi.org/10.54322/kairaranga.v15i1.183

McLeod, S. A. (2025). Vygotsky's theory of cognitive development. *Simply Psychology*. https://www.simplypsychology.org/vygotsky.html

Meylani, R. (2024). Innovations with schema theory: Modern implications for learning, memory, and academic achievement. *International Journal of Futures and Mechanical Research, 1*(1), Article 13785. https://doi.org/10.36948/ijfmr.2024.v06i01.13785

Microsoft Philippines Communications Team. (2022). Microsoft reading progress tool expanded with Filipino language to boost reading and literacy for 27 million students. *Microsoft News.* https://news.microsoft.com/en-ph/2022/10/14/microsoft-reading-progress-tool-expanded-with-filipino-language-to-boost-reading-and-literacy-for-27-million-students/

Moskal, B. M. (2000). Scoring Rubrics: What, when and how? *Practical Assessment, Research & Evaluation*, *7*(3). https://scispace.com/pdf/scoring-rubrics-what-when-and-how-4jp599hy7g.pdf

Murray, J. D., & Desrochers, M. C., (2021). Applying critical discourse analysis in the classroom: A guide for educators. *Current Issues in Comparative Education, 23*(2), 113 – 126. https://doi.org/10.52214/cice.v23i2.8486

Nueva Ecija University of Science and Technology, Institute of Linguistics and Literature. (2024). *Kabanata 3: Batayang kaalaman sa mga teorya sa pananaliksik na akma o buhat sa lipunang Pilipino.* [Modyul 1: Filipino sa Iba't-Ibang Disiplina].

Nueva Ecija University of Science and Technology. (2025). *Atate Campus*. Mula sa https://neust.edu.ph/atate-campus/

Nueva Ecija University of Science and Technology. (2024). *Syllabus of instruction in GE 2-Readings in Philippine History*

Nguyen, Q. N. (2022). Teachers' scaffolding strategies in internet-based ELT classes. *TESL-EJ, 26*(1), 1 – 35. https://doi.org/10.55593/ej.26101a1

Office of the Historian, United States of America. (n.d.). Treaty of peace between the United States of America and the Kingdom of Spain. https://history.state.gov

Official Gazette. (2013). Republic Act No. 10533. https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/?form=MG0AV3

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Organisation for Economic Co-operation and Development. (2021). 21st Century readers: Developing literacy skills in a digital world. *PECD Publishing.* https://doi.org/10.1787/a83d84cb-en

Ozturk, N. (2024). Revisiting Flavell's metacognition theory for metacognitive responsiveness. *Journal of Theoretical Educational Science, 17*(2), 257 – 271. https://doi.org/10.30831/akukeg.1232284

Panadero, E. (2017). A review of self-regulated learning: Six models and four directions for research. *Frontiers in Psychology*, *8*, Article 422. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2017.00422

Patsiomitou, S. (2025). From the concept of schema to the idea of the "instrumental" social schema. *International Journal of Research in Education Humanities and Commerce, 6*(2), 69 – 82. https://doi.org/10.37602/ijrehc.2025.6220

Piedad-Pugay, C. A. (2012). The Two Faces of the 1872 Cavite Mutiny. *National Historical Commission of the Philippines*. https://nhcp.gov.ph/the-two-faces-of-the-1872-cavite-mutiny/?form=MG0AV3

Rahmi, I., Rimenda, T., & Ariyanti, T. D. (2025). Gamification as an alternative to increase students' motivation: A scoping review. *EduLearn, 19*(2), 1125 – 1133. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1464125.pdf

Salazar, Zeus A. (2015). Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan. file:///C:/Users/acer/Downloads/4949-1-13336-1-10-20160222.pdf

Sun, X. (2024). Scaffolded extensive reading: A case study of an extensive reading programme in China. *Education 3 – 13, 52*(2), 678 – 689. https://doi.org/10.1080/03004279.2022.2119092

Wang, Z., Harun, J., & Yuan, Y. (2024). Enhancing reading instruction through gamification: A systematic review of theoretical models, implementation strategies, and measurable outcomes (2020 -2024). *Journal of Information Technology Education: Research, 23,* Article 28. https://eric.ed.gov/?id=EJ1463305

Wibowo, S., Wangid, M. N., & Firdaus, F. M. (2025). The relevance of Vygotsky's constructivism learning theory with differentiated learning in primary schools. *Journal of Education and Learning (EduLearn), 19*(1), 431 – 440. https://doi.org/10.11591/edulearn.v19i1.21197

World Bank Group. (2022). *Philippines – Learning poverty brief.* https://documents1.worldbank.org/curated/en/099000207152223103/pdf/IDU002b5536c0db4104ec3087d809906ec2eae56.pdf

Yawiloeng, R. (2022). Using instructional scaffolding and multimodal texts to enhance reading comprehension: Perceptions and attitudes of EFL students. *Journal of Language and Lingusitic Studies, 18*(2), 877-894. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1347869.pdf

Zimmerman, B. J. (2008). Investigating self-regulation and motivation: Historical background, methodological developments, and future prospects. *American Educational Research Journal, 42*(1), 166 – 183. https://doi.org/10.3102/0002831207312909

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0 https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/